

Espesyal na isyu Pebrero 3, 2001

Rehimeng Macapagal-Arroyo

Reaksyunaryo sa saligan at nasa transisyon ng kapangyarihan

Komiteng Tagapagpaganap ng Komite Sentral Partido Komunista ng Pilipinas

ng pag-aalsang bayang Edsa 2 mula Enero 16 hanggang 20-gaya ng pag-aalsang Edsa 1-ay nakapagpatalsik sa kinamumuhiang naghaharing rehimeng reaksyunaryo at papet. Pero nananatili ang makauring diktadura ng malaking burgesyang kumprador at uring panginoong maylupa.

Pagkatapos maitaboy ang baluktot na rehimeng Estrada, pumalit ang gubyernong Macapagal-Arroyo na nangangako ng paglaban sa kahirapan, pagpapataas ng mga pamantayang moral, pagpapabuti sa kalidad ng pulitika at pamumuno sa pamamagitan ng halimbawa. Pero anuman ang pagkakaiba ni Estrada at Macapagal-Arroyo, pareho silang kinatawan ng mga reaksyunaryong naghaharing uri. Nagpapatuloy at namamayani ang mga saligang patakarang malaking kumprador at malaking panginoong maylupa.

Ang pangkating Macapagal-Arroyo ay nagbubuo pa ng bagong gubyerno, pumupwesto at nagpapatatag ng hawak sa renda ng reaksyunaryong kapangyarihan at naglalatag ng mga patakaran at programa. Sa loob mismo ng bagong gubyerno, may iba't ibang paksyong reaksyunaryo, may matigas at malambot na tagasuporta

ni Macapagal-Arroyo at mayroong blokeng militar na halos nagsasarili. Ang paksyong Estrada at mga kaalyado nito ay naririyan pa, masalapi, may pwersa sa loob at labas ng burukrasyang sibil at militar, at malamang na agad magmamaniobra laban sa bagong naghaharing rehimen.

Obligado ang rehimeng Macapagal-Arroyo na magpakita-kahit pansamantala at pabalat-bunga-ng pagpapahalaga sa mga progresibo at demokratikong pwersang bumuo ng pangunahing pwersa ng pag-aalsang bayan. Pwersado rin itong isaalang-alang ang masa ng sambayanang labis na balisa bunga ng napakatinding sosyo-ekonomikong krisis at, kaalinsabay, militante at palaban bunga ng paglahok sa pag-aalsa. Pagkaupong-pagkaaupo pa lamang ni Macapagal-Arroyo, matunog na usaping publiko ang hindi pag-ulit sa mga kabiguan ng Edsa 1.

Gayunman, pangunahing nakasalig si Macapagal-Arroyo sa blokeng militar, malalaking burukratang kumokontrol sa noo'y united opposition at ngayo'y dominanteng kampo sa pulitika, at bloke ng malaking negosyong nakabase sa Makati.

Ang mga reaksyunaryong upisyal militar na

editors@angbayan.org

www.angbayan.org

...kahit binubuo at pumupwesto pa ang bagong gubyerno, nagpapatuloy ang



pag-igting ng mga saligang kontradiksyon ng lipunang malakolonyal at malapyudal. Hindi tumitigil ang matinding labanan sa iba't ibang larangan ng mga pwersang rebolusyonaryo, progresibo at demokratiko at ng iba't ibang pwersang reaksyunaryo—kabilang man o hindi sa pangkating Macapagal-Arroyo.

nakapaligid kay Ramos at de Villa-dahil sa kanilang papel sa pagkakait sa dakong huli ng armadong suporta sa pangkating Estrada bukod pa sa kanilang makapangyarihang pwesto sa Lakas-NUCD-ay namumukod sa kanilang tampok na pusisyon at timbang sa loob ng bagong gubyerno. Nang sabihin ni Ramos na mas mainam ang Edsa 2 kaysa Edsa 1, tinutukoy niya ang pagtalikod ng AFP-PNP kay presidente Estrada nang walang lantad na pagkakahati at labanan.

Sa pagpanig ng mataas na kumand ng AFP sa bagong gubyerno, agad hiningi ni Hen. Reyes na hayaan si Estradang "umalis nang may dignidad". Agad din siyang nanakot sa peligro ng higit pang kaguluhan at pagsamantala daw ng mga komunista sa sitwasyon. Bago pa makaupo ang bagong gubyerno at makapagtakda ng patakaran, agad nang pinaigting ng AFP-PNP ang mga opensibang militar laban sa BHB at BIAF. Pagkatapos na pagkatapos kumpirmahin ni Macapagal-Arroyo ang pagpapatuloy ni Hen. Reyes na chief of staff ng AFP, inianunsyo ang pagtatalaga kay Col. Victor Corpuz bilang bagong pinuno ng ISAFP. Hindi mapasusubalian ang intensyon na lalong patindihin ang digma laban sa mga rebolusyonaryong pwersa.

Gaya noong pagkatapos ng Edsa 1, ang pinaigting na mga opensibang militar, ang anti-komunistang pananakot at intriga, ang pagbibigay-diin sa kaayusan higit sa anupaman, at maging ang mga armadong banta mula sa mga reaksyunaryong anti-Macapagal-Arroyo ay tiyak na gagamitin ng blokeng militar para igiit ang kanilang adyendang kontra-rebolusyonaryo, harangan at sa dakong huli'y paalisin ang sinumang progresibong elementong maaaring makalusot sa bagong gubyerno, limitahan ang mga reporma, unahan ang bagong gubyerno sa pagtatakda ng mga prayoridad, at sa kabuua'y iginiit ang kanilang halos nagsasariling galaw. Sa panahon ng mabilisang transisyon, lalo pang mas mabalasik at panatiko ang mataas na kumand ng AFP-PNP sa

pagtatanggol sa sistemang malakolonyal at malapyudal, pag-atake sa mga pwersang rebolusyonaryo at progresibo, at pagharang sa mga pakikibaka ng masa. Samantala, si Macapagal-Arroyo naman ay sadyang nagpapaubaya sa blokeng militar ng pangkalahatang inisyatiba tungkol sa "mga usapin sa seguridad".

Ang malalaking burukratang nasa kampong Macapagal-Arroyo ay binubuo ng mga pinuno ng dating rehimeng Aquino at rehimeng Ramos. Bukod sa isa o dalawa, pareho at dating mga mukha ang nasa sentro ng kapangyarihan. Dati ring linya ng pamamahala, mga patakaran at mga catchphrase ang lumalabas sa Malakanyang. Kahit ang pinakatampok na adyenda ng pag-aalsang bayan-ang pagpawi sa korupsyon at kroniismo-ay agad nalalagay sa balag ng alanganin dahil may sariling dungis ng korupsyon at kroni-ismo ang marami sa mga balik-kapangyarihan.

Ang mga repormang ipinag-alsa ng taumbayan-bago pa man makabwelo-ay binubuhusan na ng malamig na tubig ng mga burukrata at pulitikong mas abala sa rigodon sa pwesto, mga aregluhan at gitgitan para sa darating na eleksyon, at pagmamadaling bumalik sa dating gawi. Sa bagay na ito ay kaisa nila ang mga pwersa at elementong tinatakot ang taumbayan sa higit pang gulo.

Ang malalaking burges-kumprador na taga-Makati ay napinsala rin ng panggagantso ng gangster na pangkating Estrada. Sa kaigtingan ng paglaban sa pangkating Estrada, ang mga pinakamasigasig sa kanila ay naobligang makipagtulungan sa masang maralita. Wala pang katulad sa nakaraan ang inabot nilang paglahok sa mga protestang masa sa lansangan. Pagkatapos mapatalsik si Estrada, nagpapakita rin sila ng higit na interes sa mga usapin ng reporma sa gubyerno kung ihahambing sa malalaking burukrata at pulitiko at matataas na upisyal militar. Pero ang nangingibabaw nilang interes ay walang dudang ang pagbabalik ng negosyo, paglutas sa malalaking problema sa pinansya, pagtiyak

sa katatagan, pag-akit sa dayuhang pamumuhunan, at pagkuha ng basbas ng IMF-WB at mga monopolyong bangkong internasyunal.

Mula nang sumambulat ang "Juetenggate", ang imperyalismong US ay tahimik na kumilos para sa mabilis at mahinahong resolusyon ng krisis sa pulitika sa pamamagitan ng impeachment. Agad kumalat ang mga galamay ng US sa loob ng AFP at PNP para tiyaking mananatiling buo ang reaksyunaryong armadong lakas. Maaga rin nagbabala ang Washington laban sa pag-agaw ng militar sa kapangyarihan at sa pakikipagkasundo ng reaksyunaryong oposisyon sa Kaliwa. Pagkatapos ng pag-aalsa, mabilis na kinilala ng US ang bagong gubyerno at tinangkang palubagin ang loob ni Estrada kabilang ang alok ng political asylum.

Sa pag-upo sa kapangyarihan, sinasalubong ang gubyernong Macapagal-Arroyo ng napakalubhang krisis ng naghaharing sistema. Dala ni Macapagal-Arroyo ang mga bentahe, gayundin ang mga pasanin ng presidenteng iniluklok ng pag-aalsang bayan sa kapangyarihan. Ang sitwasyon ay mahigpit na humihingi ng mga mapagpasyang hakbang at mga matapang na inisyatiba.

Sa kabila ng tuwang dulot ng matagumpay na pagpapatalsik kay Estrada, labis na nagaalinlangan at nagmamatyag ang malawak na masa ng sambayanan.



Pero si Macapagal-Arroyo mismo ang unang-unang naglilimita sa mga repormang dapat asahan at tumitiyak na ang mga patakaran ng gubyerno ay nakapaloob sa dating reaksyunaryong balangkas. Malinaw na itinuturing niya ang pag-aalsang Edsa bilang "eleksyon sa ibang paraan" lamang at hindi niya sapol ang lalim at tindi ng ligalig na nag-udyok sa taumbayan sa pag-aalsa. Kung walang makabuluhang reporma, mabilis na malalantad ang gubyernong Macapagal-Arroyo at babagyuhin ito ng mga protesta at paglaban ng mamamayan.

Sa anu't anuman, kahit binubuo at pumupwesto pa ang bagong gubyerno, nagpapatuloy ang pag-igting ng mga saligang kontradiksyon ng lipunang malakolonyal at malapyudal. Hindi tumitigil ang matinding labanan sa iba't ibang larangan ng mga pwersang rebolusyonaryo, progresibo at demokratiko at ng iba't ibang pwersang reaksyunaryo-kabilang man o hindi sa pangkating Macapagal-Arroyo. Ang masa ng sambayanan ay mas palaban at tiyak na mabilis na mag-iibayo pa ang paglaban kapag ang gubyernong Macapagal-Arroyo sa halip na maging tagapagtaguyod ng mga pagbabagong inaasam ng mamamayan ay humalili bilang nangungunang tagahuthot at tagaapi sa taumbayan.

KOMBULSYON NG NAGHAHARING SISTEMA.

Ang pagsiklab at pagtatagumpay ng pag-aalsang Edsa 2-15 taon pagkatapos ng pag-aalsang Edsa 1-ay nagpapatunay sa hindi nalulutas at patuloy pang tumitinding krisis ng sistemang malakolonyal at malapyudal. Ang mga kombulsyong sumasaklot dito sa pana-panahon ay pruwebang hindi na makapaghari sa dating pamamaraan ang mga reaksyunaryong naghaharing uri. Ang mga malakihang sagupaang ito ay kaugnay sa kaibuturan sa tuluy-tuloy na napakalubhang sosyo-ekonomikong krisis at sumasahol na pagkabulok ng estadong malakolonyal. Pawang mga sintomas ito ng bumibilis na disintegrasyon ng lipas na sistemang nasa bingit na ng hukay.

Ang walang pakundangang pang-aabuso ng rehimeng

Estrada sa kapangyarihan-sa kabila ng mga unos ng mga protesta at iskandalong paulit-ulit na yumanig sa rehimeng Aquino at rehimeng Ramos bukod pa sa pag-aalsang bayang tugon ng taumbayan sa kasakiman at mga abuso ng pasistang diktadurang Marcos-ay bunga hindi lamang ng kasakiman nito. Bunga rin ito ng labis na pagkitid ng mga pakinabang na pwedeng

mapaghati-hatian ng mga naghaharing uri at ng pangkalahatang pagkabulok ng estadong malakolonyal, gaya ng ipinakikita ng mas sumasahol pang kriminalidad hanggang sa pinakamataas na antas ng burukrasyang sibil at militar.

Sa rehimeng US-Estrada, nakabalik sa sentro ng kapangyarihan ang mga pinakaagresibong labi ng pasistang pangkating Marcos sa pamamagitan ng protestang boto laban sa kabulukan at kabiguan ng rehimeng Aquino at Ramos at pagsuporta ng mga financier na masama ang reputasyon, kabilang at kapansin-pansin ang ilang Filipino-Chinese o "Chinoy" na kabarkada ni Erap. Sa dalawa't kalahating taong paghahari nito, lalong namayagpag ang kabulukan, katiwalian at luho at umiral ang palakad na militarista, butangero at sumpungin-kasabay ng paghambalos ng

krisis sa pinansya ng Asia. Tulisan ang nakaupo sa Malakanyang at ibayong sumahol ang mga problemang pambansa at panlipunan. Sa tindi ng ligalig ng bayan, maging ang mga pangunahing haligi ng reaksyon at konserbatismo gaya ng malaking negosyo, reaksyunaryong oposisyon at liderato ng simbahang Katoliko ay naitulak sa mga protesta sa lansangan at, sa dakong huli, sa ekstra-parlamentaryong pakikibaka at pananawagan sa AFP-PNP na tumalikod sa halal na presidente.

Hindi masuheto at hindi malutas sa pamamagitan ng mga institusyon at prosesong parlamentaryo't ligal ang mga alitan ng mga reaksyunaryo. Kaya tumungo sa lansangan ang mga reaksyunaryong anti-Estrada at nakipag-alyansa sila sa mga pwersang progresibo at demokratiko para biglaan at pwersahang patalsikin ang pangkating Estrada. Sa gayon, lalong lumala ang mga bitak sa hanay ng mga reaksyunaryong lokal.

lalo ang kabuhayan at pamantayan ng pamumuhay ng malaking mayorya ng mamamayan. Halos bali na ang likod ng masa sa labis na hirap na dulot ng walang humpay na sosyo-ekonomikong krisis.

Ang mga naghaharing uring malaking kumprador at malaking panginoong maylupa-kabilang ang pangkating Macapagal-Arroyo-dahil sa kanilang pikit-matang pagsunod sa mga dikta ng imperyalismong US ay walang lakas ng loob ni kakayahang lumihis o sumalungat sa neoliberal na dogma ng internasyunal na monopolyong kapital. Pangunahing umaasa sila sa puhunan at oportunidad na manggagaling sa ibayong-dagat para maiahon ang bansa sa hukay. Pero nakabalaho sa lumalalim na pandaigdigang krisis ang internasyunal na sistemang kapitalista. Kahit ang imperyalismong US ay pinahihirapan ng sariling krisis at resesyon.

Sa kabila ng tuwang dulot ng matagumpay na pagpapatalsik kay Estrada, labis na nag-aalinlangan at



Wastong pinili ng mga rebolusyonaryong pwersa na sunggaban ang namuong tampok na laban para gapiin ang punong tagahuthot at tagaapi, sa pamamagitan ng lahat ng pwersa at paraang uubra batay sa aktwal na kakayahan ng mga rebolusyonaryong pwersa at aktwal na antas ng kamulatan ng malawak na masa.

Naghahanda ang mga reaksyunaryong anti-Macapagal-Arroyo ng kanilang ganting-pagsalakay habang nagpapalakas sa poder ang huli. Lalong lumaki ang timbang ng reaksyunaryong armadong lakas sa kanilang mga paksyunal na alitan. Kanya-kanya silang alaga ng mga kabig sa AFP-PNP habang lalong umigting ang agawan sa kurakot at kapangyarihan. Malamang ang mga biglang pihit at mga panibagong salpukan.

Maigting at higit pang umiigting ang krisis ng naghaharing sistema. Sinasalanta ng imperyalistang globalisasyon ang lupaypay na malapyudal na ekonomyang import-eksport. Sa nakaraang 15 taon pagkatapos ng Edsa 1, ang Pilipinas ay ipinailalim sa papalaking dosis ng pribatisasyon, deregulasyon, denasyunalisasyon at liberalisasyon. Alinsunod ito sa mga patakarang neoliberal na pataw ng imperyalismong US sa pamamagitan ng International Monetary Fund at World Bank. Pero lalong lumayo sa halip na lumapit ang ipinapangakong kaunlaran at kasaganaan.

Bangkrap at lubog sa utang ang gubyerno at ekonomyang pambansa. Malawakan at malala ang pagkasira ng mga pwersa sa produksyon. Bumagsak

nagmamatyag ang malawak na masa ng sambayanan. Para kay Macapagal-Arroyo at sa pulutong ng malalaking burukrata at pulitikong balik-kapangyarihan, wala silang nababanaagang determinasyon ni kapangahasang sumubok o makipaglaban para sa mga patakarang naiiba o salungat sa luma at gasgas nang mga pormulang neokolonyal. Duda ang marami kahit sa kakayahan nilang linisin ang lansa ng korupsyong iniwan ng gangster na pangkating Estrada at iwaksi ang minana nilang militaristang patakarang todong gyera.

Nag-alsa ang taumbayan dahil sa nag-uumapaw na galit at sa hangad na makahulagpos sa hukay ng kabulukan, kawalan ng pag-unlad at kawalan ng pag-asa. Kung magkakasya si Macapagal-Arroyo sa mga pakitang-taong lunas at tapal, maaaring magalak ang imperyalismong US at ang malalaking kumpradorasenderong nasa kapangyarihan. Pero lalo lamang niyang pasasahulin ang krisis, gagalitin ang mamamayan, at gagatungan ang nagngangalit na mga alitan at labanan.

ANG PAG-AALSANG EDSA AT ANG DEMOKRATIKONG REBOLUSYONG BAYAN.

Ang pag-aalsang Edsa 2, gaya ng Edsa 1, ay hindi

rebolusyong sosyal. Hindi nito nalutas ni nilayong lutasin ang mga saligang suliranin ng imperyalismong US, pyudalismo at burukratang kapitalismo. Pero ito ay kinakailangang tugon ng mamamayan sa labis na kabulukan ng reaksyunaryo at papet na rehimeng Estrada-sa sitwasyong hindi pa kayang gawin iyon sa puspusang rebolusyonaryong pamamaraan batay sa aktwal na antas ng kamalayan at praktika ng malawak na masa at aktwal na lakas ng mga rebolusyonaryong pwersa.

Isang malapad at sa kalakha'y impormal na alyansa ng mga pwersang mula kaliwa hanggang kanan ang nagbunsod sa malawakang kilusang protestang ligal na nakapokus sa kalunsuran, nanawagan sa pagpapatalsik o pagbibitiw ni Estrada, nakapagpakilos ng daandaanglibo at milyun-milyon sa mga lansangan sa buong kapuluan, at sa dakong huli'y nakakuha ng pagpanig ng kumand ng AFP at PNP. Sa gayon, naipilit ng taumbayan ang kagyat na transisyon sa kapangyarihan sa

Ang tagumpay ng Edsa 2 ay walang pasubaling pagpapatunay na kaya ng mga rebolusyonaryong pwersa—kahit malayo pa ang pambansang tagumpay—na gapiin nang paisa-isa ang sinumang pangunahing papet ng imperyalismo at punong reaksyunaryong nakaupo sa Malakanyang.

mapayapang pamamaraan.

Ang kilusang pambansa-demokratiko ang pinakamalaki at pinakamalakas na organisadong pwersang masa ng kilusan sa pagpapatalsik kay Estrada. Sila ang matibay na bag-as ng kilusang protesta at pagaalsang bayan na nagsustini ng pakikibaka sa lansangan, nagsilbing pangunahing tinig at tagamobilisa ng mga manggagawa, magsasaka, kabataang estudyante at maralitang lunsod, at matatag na nagtaguyod sa inisyatiba at paglaban ng masa hanggang sa higanteng martsa sa Mendiola na nakapagtaboy kay Estrada sa Malakanyang. Bago pa man sumambulat ang "Juetenggate", pinaigting na ng kilusang pambansa-demokratiko ang mga protesta laban sa rehimeng US-Estrada at ang ahitasyon sa pagpapatalsik kay Estrada. Tuluy-tuloy at sadyang iniugnay nila ang pakikibakang ito sa mga nagbabagang usapin at pakikibakang pambansa at panlipunan at sa pangangailangan ng komprehensibo at rebolusyonaryong pagbabago.

Sa tangkang linlangin ang taumbayan, ang mga sagadsaring anti-komunista at reaksyunaryo ay nagsisikap burahin o tabunan ang kritikal na papel ng mga pwersang pambansa-demokratiko sa Edsa 2. O di kaya, pinalilitaw nila na ang pagpapatalsik kay Estrada sa mapayapang paraan ay pagtatakwil-maging ng mga rebolusyonaryong pwersa-sa demokratikong rebolusyong bayan at matagalang digmang bayan.

Anuman ang mga limitasyon nito, ang kilusan sa pagpapatalsik kay Estrada ay isang dakilang tagumpay ng pakikibakang bayan at nagpasulong sa rebolusyonaryong proseso. Nakapagpalakas at napanday ang mga progresibo at rebolusyonaryong pwersa. Napukaw at napakilos sa pakikibaka ang malawak na masa at naihanda sila sa patuloy pang paglaban. Lumala ang disintegrasyon ng reaksyunaryong kapangyarihan bunga na rin ng kasakiman, kabulukan at kataksilan ng mga reaksyunaryo at makatarungang paglaban ng sambayanan. Lalong uminam sa kabuuan

ang mga obhetibong sitwasyon para sa higit na pagsulong ng rebolusyon.

Para mabilisang mapatalsik si Estrada, obligadong mas tumampok ang ligal



na kilusan at pakikibaka sa kalunsuran. Wastong pinili ng mga rebolusyonaryong pwersa na sunggaban ang namuong tampok na laban para gapiin ang punong tagahuthot at tagaapi, sa pamamagitan ng lahat ng pwersa at paraang uubra batay sa aktwal na kakayahan ng mga rebolusyonaryong pwersa at aktwal na antas ng kamulatan ng malawak na masa. Ang alternatiba ay maghintay at maging pasibo habang ang masa ay sumusugod para kumprontahin ang nagbibigay-dusa sa kanila. Sa katunayan, ang mapayapang pag-aalsang tipong Edsa ang pinakamataas na antas na naabot na ng sa kalakha'y ligal na kilusan at pakikibaka sa kalunsuran.

Sa demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng digmang bayan, ang armado at sa kalakha'y armado at iligal na kilusan at pakikibakang magsasaka sa kanayunan ay kapartner at katugma ng sa kalakha'y di-armado at ligal na kilusan at pakikibakang demokratiko sa kalunsuran. Mga sagadsaring reaksyunaryo at ang mga rebisyunistang taksil lamang ang pilit na pinagbabangga ang mga ito.

Isang pangunahing rekisito sa pagsulong at pagtatagumpay ng rebolusyon ang pagbubuo ng pinakamalawak na pambansang nagkakaisang prente at pagpukaw at pagpapakilos sa milyun-milyong mamamayan. Hindi pwedeng maihiwalay at mapahina ang reaksyon at mapalawak at mapalakas ang rebolusyon kung wala nito. At ito ay hindi maaaring mabuo kung hindi pinalalawak at pinalalakas ang ligal na kilusang demokratiko sa kalunsuran. Kaya sa kabuuan ang pagaalsang tipong Edsa ay bahagi ng mahabang proseso ng paglalantad at pagpapahina sa reaksyon at pagpapalakas ng rebolusyon.

Gayunman, kinakailangang palagi at mulat na bakahin ang parlamentarismo, repormismo at oportunismo sa ligal

taktikal na opensiba sa iba pang rehiyon gaya ng Gitnang Luzon, Ilokos-Kordilyera, Cagayan Valley at Negros. Ang mga ito ay mariing patunay sa pagkabigo ng "todong gyera" ng pangkating Estrada-Mercado-Reyes at malinaw na pruweba ng patuloy na lumalawak at lumalalim na suporta ng masa sa armadong pakikibaka.

Ang tagumpay ng Edsa 2 ay walang pasubaling pagpapatunay na kaya ng mga rebolusyonaryong pwersa-kahit malayo pa ang pambansang tagumpay-na gapiin nang paisa-isa ang sinumang pangunahing papet ng imperyalismo at punong reaksyunaryong nakaupo sa Malakanyang. Sa pamamagitan ng paulit-ulit na gayong pakikibaka, kaalinsabay ang tuluy-tuloy at lahatang-panig na pag-iipon ng lakas ng rebolusyon, laluna ang pagpukaw at pagpapakilos ng milyun-milyong



Habang ipinupwesto ng rehimeng Macapagal-Arroyo ang sarili at kinukuha ang renda ng reaksyunaryong kapangyarihan, itaguyod ang mga hinaing ng sambayanan, makipaglaban para sa mga reporma, at ilantad ang tunay na reaksyunaryong katangian at patakaran ng bagong pulutong ng mga naghaharing reaksyunaryo.

na kilusang lunsod. Kailangan ding masigasig at sistematikong palakasin ang tuwiran at di tuwirang suporta ng kilusang lunsod sa armadong kilusang antipyudal sa kanayunan dahil ang pagsulong ng huli ang magpapasya sa kabuuang tagumpay.

Ang armadong rebolusyonaryong kilusan sa kanayunan ay gumanap ng mahalagang tungkulin sa paglaban at pagpapahina sa kinamumuhiang rehimeng Estrada. Ang aroganteng pagsagasa ni Estrada sa usapang pangkapayapaan at ang inihasik na todong gyera laban sa NDF -NPA at MILF-BIAF ay nagpabilis sa paglalantad at paghihiwalay sa kinamumuhiang rehimen. Sa papatinding bigwas ng mga taktikal na opensiba ng BHB at BIAF, lalong naging madalian para sa mga reaksyunaryong anti-Estrada na maalis na si Estrada.

Sa pagtindi ng krisis at paglaganap ng kilusang protesta, nakabawi ang BHB mula sa malalaking pagatras at pinsala sa nakaraan, mabilis na muling lumawak at lumakas ang mga larangang gerilya, at sumigla ang mga taktikal na opensiba sa buong kapuluan. Nang sumabog ang "Juetenggate", lalong umigting ang mga taktikal na opensiba sa Timog Katagalugan, Bikol, Hilagang Mindanao, Timog Mindanao, Dulong Timog Mindanao at Silangang Kabisayaan. Sumigla rin ang mga

mamamayan-hakbang-hakbang na mababago ang estratehikong balanse ng mga pwersa ng rebolusyon at kontrarebolusyon hanggang maging handa na ang mga kundisyong obhetibo at suhetibo para sa pangkalahatang opensiba ng rebolusyon.

ANG ATING MGA KAGYAT NA TUNGKULIN

Ang mga tagumpay ng kilusang protesta at pagaalsang bayan ay dapat ubos-kayang itransporma sa solido at matagalang lakas ng rebolusyon habang pinananatiling mataas ang militansya ng masa at inihahanda sila sa mas malalaki pang laban.

Mahigpit na sapulin ang labis na igting ng krisis ng naghaharing sistema, ang init ng masa sa pakikibaka, at ang napakalawak na ugnay sa masa bunga ng ating pangunguna sa kilusang protesta at pag-aalsang bayan. Buong tatag na isulong ang mga pakikibaka ng masa batay sa kanilang mga kapakanang pambansa at demokratiko, pamunuan sila sa wastong rebolusyonaryong direksyon at ibayong palawakin at palakasin ang mga progresibong pwersa sa lahat ng larangan at aspeto. Samantalang lulong ang mga reaksyunaryo sa rigodon sa pusisyon, ang mga rebolusyonaryong pwersa ay dapat mas masigasig at mas

pursigido pang dumikit, lumubog at mamuno sa malawak na masa.

Habang ipinupwesto ng rehimeng Macapagal-Arroyo ang sarili at kinukuha ang renda ng reaksyunaryong kapangyarihan, itaguyod ang mga hinaing ng sambayanan, makipaglaban para sa mga reporma, at ilantad ang tunay na reaksyunaryong katangian at patakaran ng bagong pulutong ng mga naghaharing reaksyunaryo. Engganyuhin ang bagong gubyerno na magbigay ng mga makabuluhang konsesyon sa kapakanan ng taumbayan habang tinutuligsa at nilalabanan ang mga hakbang at patakaran nito na antinasyunal, antimasa at antidemokratiko. Kaalinsabay, sunggaban ang lahat ng pagkakataon at oportunidad para mapalakas ang mga rebolusyonaryong pwersa.

Hangga't nagpupunyagi sa wastong rebolusyonaryong landas, nagpapalakas sa mga progresibong pwersa, malalim na umuugat sa malawak na masa, at itinataguyod ang kapakanan at pakikibaka ng masa ng sambayanan-mapanghahawakan ang Partido at rebolusyonaryong kilusan ang inisyatiba at patuloy tayong susulong.

Sumusunod ang mga kagyat na pangunahing tungkulin natin:

Anihin ang mga pakinabang sa pakikibaka sa rehimeng US-Estrada.

Pangalagaan, mas palawakin at mas palalimin pa ang kuneksyon sa milyun-milyong aktibong lumahok at sumuporta sa pagpapatalsik kay Estrada. Palaparin ang baseng masa ng rebolusyon sa kanayunan at kalunsuran.

Mapangahas na palawakin at palakasin ang mga rebolusyonaryong organisasyong masa. Napapanahong paabutin sa puo-puonglibo at daan-daanglibo ang kasapian ng mga pangunahing organisasyong masa.

Konsolidahin ang mga alyansang resign para ipagpatuloy ang militanteng pakikibaka para sa katarungan at tunay na pagbabago. Paunlarin ang mga ito alinsunod sa linya ng demokratikong rebolusyong bayan.

Magpalitaw at magsanay ng libu-libong aktibistang masa at pakilusin sila sa pagpapalawak pa ng organisasyon, propaganda at ahitasyon. Rekrutin sa Partido ang pinakasulong at pinakadesidido sa kanila.

Bigyan ng partikular na pansin ang pag-oorganisa sa mga manggagawa, kabataang estudyante, maralitang lunsod, magsasaka at mga propesyunal na namumukod ang pagiging aktibo sa pakikibaka sa napatalsik na kinamumuhiang rehimen.

Tiyakin ang pagbubuo ng solidong lakas sa mga batayang antas kasabay ng pag-oorganisa sa iba't ibang antas.

2 Isulong ang kilusan para usigin at parusahan si Estrada at mga kroni niya.

Hawakan ang isyung ito dahil pinakatampok na layunin ito ng masang nag-alsa. Dito sinusukat ng karaniwang mamamayan ang sinseridad at pagkalehitimo ng gubyernong Macapagal-Arroyo na iniluklok ng pakikibakang bayan sa kapangyarihan.

Kahit napatalsik na si Estrada, mahigpit na tumututol ang malawak na masa sa anumang pakikipag-areglo at pagpapalusot kay Estrada at mga kroni. Kaya ang pakikibaka para usigin at parusahan si Estrada ay malakas na basehan sa pagsustini sa militansya ng malawak na masa, mantinihin ang mahigpit na pagbabantay sa bagong gubyerno at ilaban ang pagpapalawak ng saklaw ng mga reporma at pagbabago.

Ang pakikibakang ito ay pwedeng higit pang palawakin para isulong din ang matagal nang nakabalahong pag-usig sa mga krimen ng pasistang diktadurang Marcos at iba pang hindi nalulutas na malalaking kaso ng korupsyon at kroniismo.

Matatag na itaguyod ang mga isyu at pakikibaka ng batayang masa. Itaguyod ang linya ng demokratikong rebolusyong bayan.

Habang dinadala ang usapin ng pag-usig sa walang pakundangang kriminalidad at korupsyon sa gubyerno, tinatangka din ng mga reaksyunaryong balik-kapangyarihan na gamitin ito para pagtakpan ang iba pang kumukulong pangunahing problemang pambansa at panlipunan.

Sa katunayan, ang napakalubhang kriminalidad at korupsyon sa gubyerno-tulad ng pinatunayan ng impeachment at "Juetenggate"-ay lalong nagpapatingkad sa halip na tumatabon sa iba pang masidhing hinaing ng masang manggagawa, magsasaka at iba pang maralita. Lalong binibigyang-diin nito ang mahigpit na pangangailangan ng tunay at komprehensibong pagbabago.

Obligasyon ng mga progresibong pwersa sa malawak na masa at sa kanilang sarili na malinaw na ilatag at matatag na itaguyod ang linya ng demokratikong rebolusyong bayan. Dito nakasalalay ang pagsusulong sa nagsasariling lakas at pakikibaka ng sambayanan.

Sa hayag na kilusang demokratiko, ang 20-puntong kagyat na demand ng mga ligal na pwersang pambansang demokratiko ay mahusay na pagbalangkas sa mga pangunahing isyung pambansa at panlipunan na umaayon sa interes at kagustuhan ng malawak na masa.

4 Palakasin at patuloy na palawakin ang ugnayan at pakikipagtulungan sa ibang pwersa, grupo at elementong progresibo at mapagkaibigan sa loob at labas ng reaksyunaryong gubyerno.

Sa kabila ng malaking pagbabago sa hanayan ng mga pwersa sa pulitika, sikaping mantinihin at pangalagaan sa abot ng makakaya ang mga ugnay na nabuo sa kilusang protesta at pag-aalsa.

Dapat palakasin ang relasyon sa mga maaasahan at pinakamalapit na mga alyado sa pamamagitan ng pagpapalakas sa mga alyansa at pag-iimbita sa kanila kung maaari sa mga progresibong organisasyong masa.

Maksimisahin ang iba't ibang tipo ng relasyong pormal at impormal, ang tuluy-tuloy na pakikipagtalastasan at konsultahan, ang hayag at lihim na pakikipagtulungan at koordinasyon sa pinakamalawak na posibleng hanay.

Bigyan ng partikular na pansin ang pag-abot at pakikipag-ugnayan sa mga progresibo, demokratiko at mapagkaibigang elemento sa burukrasyang sibil, AFP-PNP, mass media, negosyo, mga relihiyoso, akademya, mga propesyon at iba pang sektor.

Sunggaban ang lahat ng pagkakataon at oportunidad para makapagpwesto ng mga progresibo sa iba't ibang bahagi at antas ng reaksyunaryong gubyerno. Gamitin din kaugnay nito ang kampanya sa darating na eleksyon.

Matamang subaybayan at matyagan ang mabilis na nagbabagong hanayan ng mga reaksyunaryong paksyon. Habang patuloy na ihinihiwalay ang mga sagadsaring reaksyunaryo at antikomunista sa pinatalsik na kampong pro-Estrada, magmatyag sa pagmamaniobra at mga pataksil na pananalakay ng mga sagadsaring reaksyunaryo at antikomunista na kabilang sa mga balikkapangyarihan.

5 Ibayo pang palawakin at palakasin ang progresibong proganda at ahitasyon.

Gamitin ang iba't ibang paraan para ipalaganap sa malawak na masa ang mga leksyon ng kilusang protesta at pag-aalsa laban sa rehimeng Estrada mula sa punto de bista ng sambayanan at rebolusyon. Di hamak na nakalalamang kaugnay nito ang mga reaksyunaryong uri at kailangan ang ekstrang pagsisikap natin dito. Gamitin at paunlarin ang mga popular na pamamaraan gaya ng mga presentasyon sa video, mga pagtatanghal na kultural, at iba pa.

Pag-ukulan ng higit na pansin, tao at rekurso ang pagpapalawak at pagpapalakas ng rebolusyonaryong propaganda at edukasyong pampulitika. Ipagpatuloy ang malawakang propaganda at ahitasyon sa publiko na ginawa noong kasagsagan ng kilusang protesta at pagaalsa. Mobilisahin dito ang mga aktibistang masa. Kaalinsabay, seryosong paunlarin ang paggamit ng mga modernong pamamaraan ng komunikasyon gaya ng radyo, telebisyon, internet at iba pa. Sistematisahin ang liaison work sa establisadong mass media para makakuha ng dagdag na ispasyo para sa mga progresibong pwersa.

6 Mapangahas na palawakin at palakasin ang mga larangang gerilya, lalong pasiglahin ang antipyudal na kilusang magsasaka at isulong ang pakikidigmang gerilya.

Nagbukas ng bagong mga oportunidad para sa ibayong pagpapalawak ng mga larangang gerilya ang matagumpay na pag-aalsang masa. Dapat samantalahin ang mga oportunidad na ito at magpakahusay sa pagkokombina ng ligal, malaligal at iligal na paraan para mapangahas na palawakin at isulong ang mga pakikibakang magsasaka at iba't ibang kilusang masa sa kanayunan.

Sa pamamagitan ng wasto at pleksibleng dispusisyon ng mga yunit at tauhan ng BHB, nailaladlad sila para sa gawaing masa at pagpapalawak, natitipon upang magsagawa ng mga taktikal na opensiba at lumilipat ng pusisyon para umiwas sa pag-atake ng kaaway. Sa pagpapaigting ng mga taktikal na opensiba laluna noong huling kwarto ng nakaraang taon, ang BHB ay nakasamsam ng dagdag na armas, nakabuo ng mga bagong yunit gerilya, nakapagpatama ng maririing bigwas sa kaaway, nakapagpataas sa moral at militansya ng masa at mga rebolusyonaryong pwersa, at nakapag-ipon ng dagdag na karanasan at kasanayan sa malaki at maliit na mga taktikal na opensiba.

Kailangang patuloy na ilunsad ang mga taktikal na opensiba para parusahan ang mga may utang na dugo at malalaking krimen laban sa masa at rebolusyonaryong kilusan, alisin ang mga armadong hadlang sa pagpapalawak at pagpapalakas ng kilusang masa at mga larangang gerilya, at patuloy na palakasin ang BHB. Sa bagong sitwasyon, bigyan ng higit pang pansin ang pagpapaliwanag sa publiko ng target at mga layunin ng bawat taktikal na opensiba. Sistematisahin at sinupin ang pagsisiyasat, pag-uusig at pagsisiwalat sa publiko ng mga krimen ng mga pinaparusahan laluna ang malalaki at kilalang mga target.

Papalubha ang pagsasamantalang pyudal at malapyudal sa masang magsasaka sa kanayunan. Patuloy na bigo ang reaksyunaryong gubyerno na magpatupad ng tunay na reporma sa lupa at, sa halip, isinusulong nito ang mga programa at patakarang kontra-magsasaka at pabor sa mga panginoong maylupa, malalaking burgesyang komprador at dayuhang monopolyong agribusiness.

Ang baseng masa ng rebolusyon sa malawak na

kanayunan ay makokonsolida at mapapalalim lamang sa pamamagitan ng masigabong pagsusulong ng pakikibakang antipyudal, kaalinsabay ang pagsusulong ng iba't ibang tipo ng kampanya at pakikibakang masa sa kanayunan.

Masigasig na ilatag at palakasin ang mga rekisito sa pulitika, organisasyon, militar, kultura at ekonomya para matatag na isulong ang armadong pakikibaka sa mas mataas na antas.

Isang pangunahing hinihingi ng kilusang protesta at pag-aalsang bayan ang pagsasantabi ng patakarang "todong gyera" ng pangkating Estrada-Mercado-Reyes at pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaan. Sumasang-ayon at handa ang rebolusyonaryong kilusan na ipagpatuloy ang usapang pangkapayapaan sa GRP. Ang linya at patakaran ng Partido sa usapang pangkapayapaan ay matagal nang naipirmi at napatunayang wasto sa karanasan. Kailangang repasuhin at muling ipalaganap sa hukbong bayan at kilusang masa ang mga paglilinaw dito ng Partido.